**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG**
Huwebes, Abril 24, 2025

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:**

---

# NAGDAOS NG TOWN HALL ANG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH BAGO ANG PAGLUNSAD NILA NG MEDICARE ADVANTAGE D-SNP Ang

Alliance Wellness, isang Medicare Medi-Cal plan para sa mga residente ng Alameda County na kwalipikado sa pareho, ay magsisimulang maglingkod sa mga miyembro sa Enero 1, 2026.

**Alameda, CA** – Ang Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nangangasiwa ng access sa mga serbisyong pangkalusugan sa mahigit 415,000 residente ng Alameda County ay nagsagawa ng Town Hall ngayong linggo bago ang paglulunsad ng Plan ng Medicare Advantage para sa Mga Espesyal na Pangangailangan ng Mga Indibidwal na Kwalipikado sa Parehong Medicare at Medicaid (Medicare Advantage Dual Eligible Special Needs Plan, D-SNP) ng Alliance. Kasama sa mga kalahok ang mga doktor, mga kasosyo sa komunidad at mga pinuno ng pangangalagang pangkalusugan na nagkaroon ng pagkakataong malaman pa ang tungkol sa mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan na available sa mga residente ng Alameda County na kwalipikado para sa health insurance coverage ng Medicare at Medi-Cal.

Simula sa Enero 2026, ang Alliance Wellness, ang bagong Medicare Advantage D-SNP ay maglilingkod sa mga residente ng Alameda County na kwalipikado para sa mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal. Ang mga indibidwal na ito ay tinutukoy din bilang "dual eligible." Ang plan na ito ay idinisenyo para mas maayos na ma-coordinate ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang point of contact para sa parehong programa at pagpapasimple ng mga pang-administratibong proseso para sa mga provider at miyembro.

Ang mga dumalo sa Town Hall ay malugod na tinanggap ng CEO ng Alliance na si Matt Woodruff na nagsalita tungkol sa gawain ng organisasyon para makagawa ng Medicare Advantage D-SNP na nagbibigay ng coordinated, de-kalidad na pangangalaga upang mas mapagsilbihan ang mga nakatatanda na mababa ang kita at mga taong may mga kapansanan ng Alameda County.

Si Anastasia Dodson, Deputy Director ng Office of Medicare Innovation and Integration sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) ay nagbigay ng pangkalahatang-ideya tungkol sa populasyon ng mga dual eligible at diskarte ng estado upang mapabuti ang koordinasyon ng pangangalaga sa buong Medicare at Medi-Cal. Ginanap ang mga talakayan ng maliliit na grupo tungkol sa kalidad, pagtugon sa mga panlipunang determinant ng kalusugan at pakikipag-ugnayan ng miyembro, kasama ang mga presentasyon tungkol sa timeline at mga layunin para sa Alliance Wellness Medicare Advantage D-SNP, mga legislative update, at Medicare sa perspektibo ng mga provider.

"Nagagalak akong lumahok sa D-SNP town hall ng Alliance at magsalita tungkol sa mga pagsisikap ng Estado na iakma at isama ang pangangalaga sa pamamagitan ng Medicare Medi-Cal Plan para sa mga dual eligible na indibidwal," sabi ni Anastasia Dodson, Deputy Director ng Office of Medicare Innovation and

Integration sa DHCS. "Inaasahan namin ang aming patuloy na pakikipagtulungan sa Alliance para mapabuti ang buhay ng mga matanda at mga may kapansanan."

Ang pagbuo ng Medicare Advantage D-SNP ng Alliance ay bahagi ng inisyatiba ng Pagsulong at Pagmodernisa ng Medi-Cal ng California (California Advancing and Innovating Medi-Cal, CalAIM) at mag-aalok ng higit pang integrasyon at koordinasyon ng pangangalaga para sa mga benepisyaryo ng dual eligible na tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga programa ng Alliance Wellness Medicare Advantage D-SNP at Alliance Medi-Cal.

"Nasasabik kaming tumugon sa mga pagsisikap ng Estado na mapabuti ang integrasyon ng pangangalaga at magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan na nakasentro sa tao para sa mga dual eligible na indibidwal," sabi ng CEO ng Alliance na si Matt Woodruff. "Pagbubutihin ng Alliance Wellness ang pangangalaga at ang mga resulta para sa marami sa mga apektadong residente ng Alameda County."

Ilulunsad ng Alliance ang Alliance Wellness (Medicare Advantage D-SNP) sa panahon ng Medicare Open Enrollment ngayong taon. Ang Taunang Panahon ng Enrollment ay magsisimula sa Oktubre 15, 2025, at magtatapos sa Disyembre 7, 2025. Sisimulang pagsilbihan ng Alliance ang mga dual eligible na miyembro sa pamamagitan ng Alliance Wellness sa Enero 1, 2026.

Para malaman pa ang tungkol sa Alliance, pumunta sa www.alamedalliance.org.

###

**Tungkol sa Alameda Alliance for Health**

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Ipinapakita ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 415,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).